CITY OF LONG BEACH
PANUKALANG-BATAS SA DAUNGAN AT MGA PAMPUBLIKONG UTILITY
(PANUKALANG-BATAS HC)

FAQ SHEET

1. **Ano ang ipinapanukala?**
    - Pagpapaikli sa termino ng mga Komisyoner ng Daungan mula sa anim (6) na taon hanggang sa apat (4) na taon.
    - Pagpapaikli sa termino ng mga Komisyoner ng Mga Pampublikong Utility mula sa limang (5) taon hanggang sa apat (4) na taon.
    - Paglipat sa awtoridad na maghirang at mag-empleo ng tauhan mula sa Lupon ng mga Komisyoner ng Daungan papunta sa Ehekutibong Direktor (Punong Tagapagpaganap).
    - Pagpapataas sa mga multa at danyos para sa paglabag sa anumang ordinansa ng Daungan mula sa $500 at/o anim (6) na buwang pagkakabilanggo, hanggang sa $1,000 at/o anim (6) na buwang pagkakabilanggo.
    - Iayon ang proseso ng taunang badyet ng Kagawaran ng Daungan sa taon ng pananalapi ng City of Long Beach na Oktubre 1 hanggang Setyembre 30.

2. **Nabigyan ba ang publiko ng pagkakataong makinig ng detalyadong talakayan at magbigay ng input?**
    - Oo. Isinagawa ang mga pampublikong pagpupulong noong Hunyo 11, Hulyo 16, at Agosto 6, 2024.

3. **Ano ang iskedyul para sa pagpapatupad?**
    - Kung maaaprobahan, magaganap ang mga pagbabago sa Enero 1, 2025.

<u>Termino ng mga Miyembro ng Komisyon (Seksiyon 508)</u>

4. **Ano ang binabago ng panukalang pag-emyenda?**
    - Ayon sa panukalang pag-emyenda sa karta, ang sinumang taong hihirangin bilang miyembro ng Komisyon sa Daungan o Komisyon sa Mga Pampublikong Utility, na hindi miyembro ng nasabing komisyon sa pagsapit ng Enero 1, 2025, ay limitadong maninilbihan nang hindi hihigit sa tatlong (3) buong terminong may apat (4) na taon bawat isa, sa alinman sa Komisyon sa Daungan o Komisyon sa Mga Pampublikong Utility.
    - Kung hihirangin sa tatlong (3) buong termino, ang mga Komisyoner ng Daungan at Mga Utility ay maninilbihan nang hanggang labindalawang (12) taon.

5. **Paano maaapektuhan ang mga kasalukuyang Komisyoner?**

- Ang mga Komisyoner na hihirangin sa o bago sumapit ang Enero 1, 2025 ay patuloy na maninilbihan sa kabuoan ng termino ng paghirang sa kanila.
- Maaaring manilbihan ang mga Komisyoner nang hanggang sa maximum na labindalawang taon.

6. **Bakit ito paiikliin sa terminong limitado sa apat (4) na taon?**
    - Sa pagpapaikli sa apat (4) na taong termino, ang termino ng panunungkulan para sa mga miyembro ng mga Komisyon sa Daungan at Mga Pampublikong Utility ay maiaayon sa iba pang mga Komisyon sa Karta gaya ng Komisyon sa Serbisyo Sibil, Komisyon sa Etika, Komisyon sa Pangangasiwa ng Pulisya, Komisyon sa mga Liwasan at Libangan, at Komisyon sa Pagpaplano.
    - Ang Komisyon sa Serbisyo Sibil, Komisyon sa Etika, Komisyon sa Pangangasiwa ng Pulisya, Komisyon sa mga Liwasan at Libangan, at Komisyon sa Pagpaplano ay limitado sa hindi hihigit sa dalawang (2) buong terminong may 4 na taon sa anumang isang komisyon, ang mga Komisyoner ng Daungan at Mga Pampublikong Utility ay maaaring manilbihan nang hanggang tatlong (3) buong terminong may 4 na taon.

7. **Babaguhin ba ng pag-emyenda kung paano pinipili at hinihirang ang mga Komisyoner ng Daungan at Mga Pampublikong Utility?**
    - Hindi. Ang mga Komisyoner ng Daungan at Mga Pampublikong Utility ay patuloy na hihirangin ng Alkalde at kukumpirmahin ng Sangguniang Panlungsod.

<u>Mga Kapangyarihan at Tungkulin ng Komisyon (Seksiyon 1203)</u>

8. **Ano ang kasalukuyang proseso ng pag-hire sa Kagawaran ng Daungan?**
    - Ang Sangay ng Yamang-tao (Human Resources Division) ng Kagawaran ng Daungan ay nagre-recruit batay sa merito kung saan pinipili ang mga kandidato batay sa mga kalipikasyon, kasanayan, at kakahayan.
    - Kapag may natukoy nang akmang kandidatong iha-hire at matagumpay nang nakompleto ang lahat ng yugto ng proseso bago ang pag-empleo (ibig sabihin, pagsusuri sa background at pisikal na kondisyon), ilalagay ng Sangay ng Yamang-tao ang kandidato sa agenda ng pagpupulong ng Komisyon sa Daungan.
    - Kinakailangan munang paboran ng Komisyon sa Daungan ang mapipiling kandidato bago magbigay ng petsa ng simula ng pag-empleo.

9. **Paano maihahambing ang proseso ng pag-hire ng Kagawaran ng Daungan sa iba pang kagawaran sa City of Long Beach?**
    - Ang City of Long Beach ay mayroong dalawampu't tatlong (23) kagawaran.

- Ang Kagawaran ng Daungan ang bukod-tanging kagawaran kung saan kinakailangan munang paboran ng Komisyon o lupong tagapag-aproba ang mga mapipiling kandidato.

10. Babaguhin ba ng pag-emyenda sa karta ang proseso ng pag-recruit at pagpili para sa mga taong hihirangin?

- Hindi, ipagpapatuloy ng Sangay ng Yamang-tao ng Kagawaran ng Daungan ang pag-recruit, pag-hire, at pakikipag-ugnayan batay sa merito.

11. Sa panukalang-batas na ito, inaalis ba ang lahat ng pangangasiwa at awtoridad sa pag-hire mula sa Komisyon sa Daungan?

- Sa panukalang-batas na ito, ililipat ang limitadong awtoridad para sa pag-hire ng mga tauhan ng Kagawaran ng Daungan papunta sa Ehekutibong Direktor (Punong Tagapagpaganap).
- Ang Komisyon sa Daungan ay may awtoridad pa rin na:
    - Maghirang at mag-empleo ng Ehekutibong Direktor (Punong Tagapagpaganap), Katuwang na Ehekutibong Direktor (Punong Tagapagpaganap), at lahat ng kawani ng Komisyon.
    - Aprobahan ang lahat ng nasa badyet na opisyal at posisyon ng trabaho para sa permanenteng paninilbihan na pupunan ng Kagawaran ng Daungan sa pamamagitan ng isang resolusyon.
    - Magtatag ng mga kawanihan at sangay ng Kagawaran ng Daungan.
    - Ipataw at isaayos ang mga tungkulin, awtoridad, at kompensasyon ng lahat ng posisyon.

12. Nauugnay ba ang panukalang ito, sa anumang paraan, sa Panukalang-batas JB − ang Panukalang-batas sa pagsasanib ng Serbisyo Sibil at Yamang-tao ng City of Long Beach?

- Hindi. Ang pinagtutuonan sa Panukalang-batas JB ay ang panukalang pagsasanib ng Serbisyo Sibil at Kagawaran ng Yamang-tao ng City of Long Beach. Ang Kagawaran ng Daungan ay mayroong hiwalay na Sangay ng Yamang-tao na walang kaugnayan sa panukalang pagsasanib.

13. Kapag ginawa ito, maaalis ba ang mga proteksiyon sa trabaho ng mga klasipikadong empleyado?

- Hindi. Hindi makaaapekto ang mga panukalang pagbabago sa katayuan sa klasipikadong serbisyo.

14. Mayroon bang mga mekanismong nakalaan upang mapigilan ang paghirang sa malalapit na kaanak?

- Mayroon. Sa Seksiyon 511 ng Karta ng City of Long Beach, pinagbabawalan ang sinumang opisyal, komisyon, o miyembro ng anumang Komisyon ng Lungsod na maghirang ng sinumang malapit na kaanak sa anumang katungkulan o posisyon ng trabaho.
- Ayon sa Karta, ang malapit na kaanak ay tumutukoy sa asawa, anak, ina, ama, kapatid, bayaw, hipag, manugang, biyenan, tiyahin, tiyuhin, pamangkin, ama-amahan, ina-inahan, anak-anakan, o sinumang taong karaniwang naninirahan o nakikitira sa pamamahay ng nasabing opisyal o miyembro ng komisyon.
- Ipinapataw ang Seksiyon 511 sa mga Komisyoner at kawani ng Kagawaran ng Daungan

15. Paano makatutulong sa mga aplikante sa trabaho ang limitadong paglipat ng awtoridad na maghirang mula sa Komisyon sa Daungan papunta sa Ehekutibong Direktor (Punong Tagapagpaganap)?

- Inaasahan na ang limitadong paglipat ng awtoridad na maghirang ay magpapaikli sa panahon ng pag-hire nang hanggang tatlumpung (30) araw sa kalendaryo.

16. Bakit itinataas ang halaga ng multa mula sa $500 at/o anim (6) na buwang pagkakabilanggo, hanggang sa $1,000 at/o anim (6) na buwang pagkakabilanggo, para sa mga parusa sa paglabag sa anumang ordinansa ng Daungan?

- Sa tulong ng panukalang pagbabago, maiaayon ang estruktura ng pagpaparusa at pagmumulta sa Kodigo Munisipal ng Lungsod (L.B.M.C. 1.32.010).

<u>Taunang Badyet (seksiyon 1210)</u>

17. Bakit binabago ang iskedyul ng taunang badyet?

- Noong 1996, pinagtibay ng City of Long Beach ang taon ng pananalapi na Oktubre 1 hanggang Setyembre 30 para sa proseso ng taunang badyet. Ang panahon para sa taunang badyet ng Kagawaran ng Daungan ay hindi na-update noon upang maitugma sa nirebisang taon ng pananalapi ng Lungsod. Hangad ngayon ng Kagawaran ng Daungan na baguhin ang pananalita sa karta upang pormal na maiayon ang proseso ng taunang badyet nito sa taon ng pananalapi ng Lungsod upang magkapare-pareho ang mga ito.